
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 19

# PAGTUTULUNGANG PANGREHIYON

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 19**

**PAGTUTULUNGANG PANGREHIYON**



Ano ang iyong pakiramdam kapag ikaw ay nakatulong sa kapwa? Ano naman ang pakiramdam mo kapag ang isang gawain ay produkto ng pagtutulungan ninyo? Sa modyul na ito malalaman mo ang iba't ibang pagtutulungan sa mga rehiyon sa Asya. Narito ang mga pagtutulungan ng mga pamahalaan ng Timog-Silangang Asya, Timog Asya, at Kanlurang Asya. Handa ka na ba? Siguraduhin mong basahin at gawin ang lahat ng isinasaad sa aralin.

Ang mga sigalot noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ng pagkamatay ng mga Asyano at pagkasira ng maraming ari-arian ng mga Asyano. Dahil sa masamang karanasan na iyon, naging maingat na ang mga lider ng mga bansang Asyano upang hindi na muling magkaroon ng mga digmaan. Isang napakahalagang hakbang na kanilang ginawa ay ang pagtatag ng mga samahan upang madali nilang malunasan ang mga mga problemang kanilang kinakaharap. Karamihan sa mga samahan na naitatag sa Asya ay nakasentro sa kooperasyong kultural at pangkabuhayan. Sa kasalukuyan, nagkakaroon na rin ng pultikal na kooperasyon lalung-lalo na sa pagsugpo ng terorismo sa mga bansa.

Ang mga samahan na naitatag ay ang mga sumusunod:

Mga Samahan sa Timog-Silangang Asya: ASEAN-Association of South East Asian Nations, AFTA-ASEAN Free Trade Area, APEC-Asia Pacific Cooperation, SEAFDEC-Southeast Asian Fisheries Development Center, SEAMEO-Southeast Asian Ministers of Education Organization at ARF-ASEAN Regional Forum

Samahan sa Kanlurang Asya: OPEC–Organization of Petroleum Exporting Countries

Samahan sa Timog Asya: SAARC-South Asian Regional Cooperation at SAFTA-South Asian Free Trade Agreement

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Pagtutulungan sa Timog-Silangang Asya at Iba Pang Mga Bansa
- Aralin 2: Pagtutulungan sa Timog Asya
- Aralin 3: Pagtutulungan sa Kanlurang Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makatatalakay ng iba't ibang uri ng pagtutulungan sa mga rehiyon sa Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya at ang pagsanib ng iba pang bansa;
2. Masusuri ang mga kabutihan at isyu na dulot ng pagtutulungan sa Asya; at
3. Makapag-iisip ng mga paraan upang mapayabong ang pagtutulungan sa iba't ibang larangan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

_____1. Ang pagtutulungan sa Asya na nakatuon sa edukasyon, agham, at kultura ay

a. AFTA b. ASEAN c. SAARC d. SEAMEO

_____2. Ang samahang nakatuon sa paglutas ng isyung pulitikal at seguridad ng Asya ay ang

a. AFTA b. ARF c. SAARC d. SEAMEO

_____3. Ang pinakabatang samahang pangrehiyon ay

a. ASEAN b. OPEC c. SAARC d. SEAMEO

_____4. Ang pinakamatandang samahan sa rehiyon ng Asya ay

a. ASEAN b. OPEC c. SAARC d. SEAMEO

_____5. Ang samahan na nais lumutas ng kahirapan sa rehiyon ay

a. ASEAN b. OPEC c. SAARC d. SEAMEO

_____6. Ang layunin ng halos lahat ng mga samahan sa Asya ay

a. pagkakaisa b. pagkakakilanlan c. pagsasarili d. pagtutulungan

_____7. Ang pagtutulungan ng mga bansa ay

a. nakapagpapaunlad ng bawat kasapi nito
b. Napagdudulot ng kapayapaan sa rehiyon
c. Nakapagpapalawak ng teritoryo ng mga bansa
d. Nakalulutas ng suliraning pangkabuhayan ng bawat isa

_____8. Ang resulta ng pagsasanib ng mga bansang nangangalakal ng petrolyo ay

a. pagkakaroon ng patakaran sa presyo at produksyon ng petrolyo.
b. pagsasanib ng lahat ng Arabong bansa.
c. pag-unlad ng imbakan ng petrolyo.

d. paglago ng produksyon ng langis.

______9. Ang samahan sa rehiyon ng Asya ay

a. May kakanyahan
b. Halos pareho
c. Magkakaiba
d. Malalaya

______10. Karamihan sa mga samahan sa rehiyon ay nabuo dahil sa

a. kabuhayan
b. pulitika
c. sining
d. seguridad

______11. Ang pinakamatagumpay na samahan sa rehiyong Asya ay ang samahang ukol sa

a. kabuhayan at pulitikal
b. kabuhayan at panlipunan
c. pampulitikal at seguridad
d. pangrelihiyon at kabuhayan

______12. Ang pagsasama-sama ng mga bansa sa rehiyon ay dulot ng

a. karanasan sa kahirapan
b. karanasan sa digmaan
c. karanasan sa relihiyon
d. karanasan sa kapayapaan

______13. Ang AFTA at SAFTA ay proteksyon sa bawat rehiyon sa larangan ng

a. kabuhayan
b. kapayapaan
c. kultura

d. pulitika

______14. Magiging matibay ang samahan kung ang mga bawat kasapi ay

a. nakapag-aral at matalino
b. matiyaga sa pakikipag-usap
c. may bukas na pananaw at tiwala
d. masipag at mahusay magbuo ng programa

______15. Madaling mabuwag ang samahan kung ang kasapi ay walang

a. delicadeza
b. kapayapaan
c. tiwala
d. tiyaga

**ARALIN 1**

**MGA PAGTUTULUNGAN SA TIMOG-SILANGANG ASYA AT IBA PANG MGA BANSA**

Ang Pilipinas ay nasa Timog-Silangang Asya. Karamihan ng nanirahan sa Timog-Silangang Asya ay mga Malay kaya't kahit papaano ay may pagkakapareho tayo sa kultura. Ang pagkakasama-sama ng mga Asyano sa bahaging ito ay nagsimula sa pakikibahagi sa kultura na nang lumaon ay nagdulot ng pagsasanib sa kalakalan at iba pang aspeto ng kabuhayan. Ang mga pag-aaway at mga banta sa seguridad ng mga bansa ang nagganyak sa mga bansa na bumuo ng samahang pulitikal sa kasalukuyan. Nagsimula ang pagsasama ng mga bansang Asyano sa pakikipagkasunduan ng dalawang bansa noong dekada 50 at nang lumaon ay dumami na ang mga bansang bumuo ng mga samahan.

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga layunin at nagawa ng mga samahan sa Timog-Silangang Asya;
2. Matutukoy ang mga katangian ng mga samahan sa Timog-Silangang Asya na matagumpay; at
3. Mailalapat ang mga dapat gawin upang mapanatili ang pakikipagtulungan sa personal na buhay.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Maglista ng mga katangiang dapat taglayin ng isang samahan na magtatagal.
   a.
   b.
   c.
   d.
   e.

2. Sumulat ng mga sitwasyon sa mga nasabing katangian na nagpapatatag ng isang samahan.
   a. ____________________
   ____________________
   b. ____________________
   ____________________
   c. ____________________
   ____________________
   d. ____________________
   ____________________
   e. ____________________
   ____________________

**Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)**

Ang ASEAN ay itinatag noong Ika- 8 ng Agosto, 1967 sa Bangkok, Thailand. Ito ay itinatag ng mga bansang Pilipinas, Thailand, Malaysia, Singapore at Indonesia. Sumali ang Brunei noong ika-8 ng Enero, 1984 at ang mga bansang Vietnam, Cambodia, Laos, Burma noong dekada 90. ang kasalukuyang mga kasapi ay ang mga bansang Brunei, Thailand, Laos, Malaysia, Indonesia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Cambodia at Vietnam.

Ang Deklarasyon sa Bangkok ang nagbigay daan sa pagbubuo ng tatlong pangunahing layunin. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. Mapabilis ang kaunlarang pangkabuhayan, panlipunan, at pangkultura sa rehiyon sa pamamagitan ng sama-sama at pantay-pantay na pagpupunyagi upang maging matibay, masagana, at mapayapaang pamayanan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya;
2. Mapanatili ang katatagan at kapayapaan sa rehiyon sa pamamagitan ng paggalang sa katarungan at pagsunod sa batas na naaayon sa mga alintuntunin ng Saligang-Batas ng Nagkakaisang mga Bansa;
3. Mapag-ibayo ang pagkakaisa at pagtutulungan pangkabuhayan, panlipunan, at panteknikal;
4. Magkatulungan sa wastong paglilinang ng mga gawang pansakahan at pang-industriya, pagpapalawak sa kalakalan, kasama na ang pag-aaral ng mga suliraning may kinalaman sa mga iniluluwas na produkto at ang pagpapaunlad sa sistema ng transportasyon at komunikasyon, at pagpapasulong sa antas ng kabuhayan ng kani-kanilang mamamayan;
5. Maitaguyod ang pagpapalaganap ng pag-aaral ukol sa mga bansang Asyano;
6. Mapanatili ang mabuting pakikipag-ugnayan sa mga pandaigdig at panrehiyong samahan na may katulad na layunin;
7. Tuklasin ang lahat ng paraan tungo sa ibayong pagtutulungan ng isa't isa.

May mga mahahalagang pagpupulong ang mga bansang ASEAN na siyang nagpasulong sa mga layunin nito. Ang unang pagpupulong ay naganap sa Bali,

Indonesia noong Pebrero, 1976 kung saan pinirmahan ng limang kasaping bansa anf Kasunduan sa Pakikipagkaibigan at Kooperasyon sa Timog-Silangang Asya( Treaty of Amity and Cooperation in Southeast Asia) at ang Deklarasyon ng Kasunduang ASEAN (Declaration of ASEAN Concord). Ang dalawang dokumento ay nagpakita ng intensyon ng ASEAN na mapanatili ang kapayapaan, gayundin ang pag-unlad ng kabuhayan at lipunan sa pamamagitan ng pagganyak ng kooperasyon ng mga mapayapang bansa. Sa pagpupulong din na ito nabuo ang secretariat sa Jakarta upang magsilbing opisina na siyang susubaybay sa mga gawain ng ASEAN.

Sumunod ang pagpupulong na naganap sa Kuala Lumpur, Malaysia noong Agosto ng taong 1977. Dito ipinagdiwang ang ikasampung anibersaryo ng ASEAN. Nirepaso din dito ang mga programang binuo sa Bali, Indonesya.

Ang pagpupulong na naganap sa Maynila noong Disyembre ng taong 1987 ay nagpasimula ng kooperasyong pang-ekonomiya sa rehiyon. Pumirma ang mga kasaping bansa sa Manila Declaration na bumuo ng ASEAN Plan of Action. Pinirmahan din ang protocol ukol sa pagbabago ng Kasunduan sa Pakikipagkaibigan at Kooperasyon sa Timog-Silangang Asya upang ito ay igalang ng mga bansang kasapi at hindi kasapi ng ASEAN.

Sa pagpupulong naman sa Singapore noong Enero, 1992 napirmahan ng mga pinuno ang Singapore Declaration of 1992 at ang Balangkas ng Kasunduan sa Pagpapalago ng Kooperasyong Pangkabuhayan sa ASEAN. Isa sa mahalagang resulta nito ay ang pagtatag ng ASEAN Free Trade Area (AFTA) sa loob ng 15 taon. Pinirmahan din dito ang Agreement on the Common Effective Preferential Tariff (ACEPT) na siyang instrumento ng pagtatag ng AFTA. Ang AFTA ay pinatatag pa ng pagpupulong sa Chiangmai, Thailand noong Setyembre, 1995.

Malaki ang ginawa ng ASEAN sa pagtigil ng digmaang sibil sa Cambodia noong dekada 80 at 90.

Nangunguna ang mga bansang Singapore at Malaysia sa pakikipagkalakalan sa mga kasaping bansa samantalang ang mga bansang Hapon at Estados Unidos ang pangunahing nakikipagkalakalan sa ASEAN.

**ASEAN Free Trade Area (AFTA)**

Ang pagsisimula ng dekada 90 ay nagdulot ng mga pagbabago sa pampulitika at pang-ekonomiyang pamumuhay ng mga bansa sa daigdig. Naging masigla ang pamilihan sa Silangang-Asya lalung-lalo na sa People's Republic of China. Kasabay halos nito ang pagsasarili ng mga dating estado ng Unyong Sobyet.

Ang mga pangyayaring ito ang naghikayat sa mga bansa sa ASEAN na bumuo ng ASEAN Free Trade Area (AFTA). Dagdag pa na nakahikayat sa ASEAN ay ang pagbubuo ng mga grupong pangkalakalan sa Europa at Estados Unidos. Layon ng mga grupong pangkalakalan na ito na alisin ang mga hadlang sa kalakalan at magkaroon ng malayang kalakalan sa mga rehiyon. Kayat ang katugunan ng ASEAN ay bumuo din ng grupo upang magkaroon ng malayang kalakalan sa Asya.

Ang AFTA ay pormal na nabuo matapos ang pagpupulong ng mga kinatawan ng mga bansang kasapi sa ASEAN sa Singapore noong Enero 1992. Itinatag ang AFTA upang dagdagan ang pagiging mahusay ng mga produktong gawa sa mga bansang kasapi. Ninanais din nilang magkaroon ng kompetisyon ang kanilang mga produkto sa mga pandaigdigang pamilihan.

Ang apat na pangunahing layunin ng AFTA ay:

1. Dagdagan at palawakin ang kalakalan sa mga bansang kasapi sa ASEAN sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga taripa at iba pang mga inilalagay na hadlang sa kalakalan sa loob ng 15 taon mula ika-1 ng Enero 1993;
2. Pagpapaunlad sa Uri ng mga produktong gawa upang maging mabili sa mga pandaigdigang pamilihan;
3. Pagkakapareho ng mga pamantayan at uri ng kanilang mga produkto; at

4. Rasyonalisasyon ng kanilang mga programa sa pangkabuhayang pag-unlad na naglalayon ng kagalingan at pagiging kilala sa pandaigdigang pamilihan.

Ang mga bansang kasapi ng ASEAN ay may limang benpisyo sa ilalim ng AFTA: malaking pamilihan na paglalagakan ng kanilang mga produkto, murang mga produkto, maami at malaking pamumuhunan ng produktong mapagpipilian, pagtataguyod ng *comparative advantage* sa ASEAN, at ang pagpapalakas ng mga kabuhayan ng mga bansang kasapi sa ASEAN upang ang mga ito ay magkaroon ng pagkakataon na makipagsabayansa mga dayuhang industriya.

Ang taripa ng 15 uri ng produkto ay pasisimulan nang unti-unting bawasan mula 0-5 posiyento na magsisimula sa Enero 1, 1998 hanggang taong 2003. Ang mga produktong ito ay: langis mula sa gulay, semento, kemikal, gamot, pataba/abono, plastik, produkto mula sa goma at balat ng hayop, pulp, tela, seramik, mga produktong yari sa salamin, mga mahahalagang bato at mga alahas, copper cathodes, produktotong electronik, kasangkapang sa bahay na yari sa kahoy at rattan.

Ang paglulunsad ng AFTA ay isang patunay ng patuloy na pagbubuklod ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya na sabayan ang mga mauunlad na bansa sa kalakalan.

Ang pagtatag ng mga *ecozones* at *growth polygon* sa Timog-Silangang Asya ay isang konkretong pagpapahayag ng layunin ng AFTA. Ang pagtatag ng mga kasapi ng Samahan ng mga Bansang Islam ng East Asia Growth Area (EAGA) ay bunga ng AFTA. Batay sa nilagdaan ng mga kasapi ng EAGA-BIMP (Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia at Pilipinas), sila ay magtutulungan at masasama sa larangan ng agro-industiya, kalakalan at serbisyo, at ugnayan sa karagatan.

Ilan sa mga napagkasunduan na ay ang produksyon at pagproseso ng pinya sa Davao, produksyon ng mais sa Cotabato, Produksyon ng Hipon sa Brunei, rattan sa Kalimantan, Indonesia, bigas sa Brunei, Manga sa Davao at Cotabato, paglalagak ng binhi ng palay ng Mindanao sa Brunei, at mga proyekto ng resort, pagtatanim ng puno, *ecotourism,* pagmimina at agro-industriya sa mga nasabing bansa.

**ASEAN Regional Forum (ARF)**

Ang ARF ay itinatag noong ika-26 na pagpupulong ng mga ministro ng ASEAN SA Singapore noong Ika-23-25 ng Hulyo, 1994. Ang kauna-unahang pagpupulong bilng ARF ay noong iKa-25 NG Hulyo, 1994 sa Bangkok.

Layunin ng ARF na:

1. Malayabong ang pag-uusap at konsultasyon ng mga bansa ukol sa mga isyung pulitikal at seguridad na parehong nagiging suliranin ng mga kasaping bansa.

2. Magkaroon ng kontribusyon sa pagbubuo ng tiwala at pagpigil ng gulo sa pamamagitan ng maayos na diplomasya rehiyong Asya Pasipiko.

Ang mga kasalukuyang kasapi sa mga regular na nagpupulong ng ARF ay ang mga sumusunod: Australia, Brunei Darussalam, Cambodia, Canada, China, European Union, India, Indonesia, Japan, Democratic Peoples' Republic of Korea, Republic of Korea, Laos, Malaysia, Myanmar, Mongolia, New Zealand, Pakistan, Papua New Guinea, Philippines, Russian Federation, Singapore, Thailand, Timor Leste, United States, Vietnam.

Sa ika-10 taon ng ARF, tinataya ng mga ministro ng mga kasaping bansa na malaki na ang kanyang kontribusyon sa kapayapaan, seguridad at kooperasyon sa rehiyon. Ang mga nagawa ay ang mga sumusunod:

- Tulong ng ARF sa epektibong pag-uusap, pagbubuo ng desisyon na may consensus, walang pakialaman sa mga Gawain sa loob ng bawat bansa at pag-unlad ng koopeasyon na komportable ang mga bansang kasapi;
- Ang kagustuhan ng bawat kasapi na mag-usap ukol sa isyu ng siguridad;
- Pagkakaisa sa pagbuo ng kooperasyon;
- Ang ugaling pag-uusap at konsultasyon ukol mga isyung pulitikal at seguridad;

- Palitan ng mga impormasyon ukol sa patakarang pangdepensa ng mga mga bansa;
- Pag-uugnayan ng mga pambansang seguridad, depensa at military ng mga bansang kasapi.

**Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC)**

Taong 1989 nang ang APEC ay itinatag sa pamamagitan ng pag-enganyo ng bansang Australya. Ito ay itinatag uapng magkaroon ng integrasyon ng mga bansa sa Asya, Amerika  at Pasipiko at upang mapalawak ang pandaigdigang kalakalan.

Sa kasalukuyan, ang APEC ay binubuo ng mga ekonomiya ng: Australya, Brunei, Canada, Chile, China, Hong Kong, Indonesia, Japan, Malaysia, Mexico, New Zealand, Papua New Guinea, Pilipinas, Singapore, South Korea, Taiwan, Thailand, at Estados Unidos.

Halos taun-taon, nagpupulong ang mga lider ng mga bansang kasapi. Ilan sa mga napagkasunduan ay ang mga sumusunod:

Sa 1991 *APEC Declaration* sa Seoul, Korea, napagkasunduan ng mga kasapi na: tumulong sa paglago ng ekonomiya sa rehiyon at daigdig sa pamamagitan ng malayang kalakalan ng mga produkto, serbisyo, kapital, teknolohiya sa mga bansang kasapi, mabawasan ang mga sagabal sa kalakalan ng mga produkto at serbisyo sang-ayon sa patakaran ng GATT (General Agreement on Tariff and Trade) na hindi makasagasa sa iba pang ekonomiya.

Sa *Declaration of Open Resolve*  sa Bogor, Indonesia noong Ika-15 ng Nobyembre, 1994, napagkasunduan ng mga kasapi na alisin ang taripa upang magkaroon ng malaya at bukas na kalakalan sa Asya-Pasipiko. Aalisin ang taripa ng mga mauunlad na kasapi sa taong 2010 at ng mga papaunlad na bansa sa taong 2020.

Napagkasunduan naman isagawa ang plano sa bogor sa pamamagitan ng *Osaka Action Agenda.* Ang usaping ito ay naganap sa Osaka, Japan noong ika-19 ng

Nobyembre, 1995. Dalawa ang napagkasunduang gawain sa aksyong ito: Una, aksyon na nauukol sa kalakalan, liberalisasyon, at pagpapadali ng negosyo, at ang ikalawa ay ang kooperasyong teknikal at pangkabuhayan sa larangan ng enerhiya, imprastruktura, maliit at pangitnang uri ng negosyo gayundin ang teknolohiya sa agrikultura.

Sa *Manila Action Plan* na ginanap noong ika-25 ng Nobyembre, 1996, uminog ang deklarayon sa anim na mahahalagang tema: malaya at malawakang kalakalan, malayang palitan ng serbisyo, mababang halaga ng pagnenegosyo, malaya at mahusay na imprastruktura, malawakang kooperasyong pang-ekonomiya, at teknikal na pamumuhunan.

Sa pagpupulong ng taong 1997 sa Vancouver, Canada napagplanuhang rebisahin ang mga naunang plano at tingnan ang epekto nito sa pribadong sektor.

Sa mga pagpupulong na ito, naging kritikal na isyu ang mga usapin sa imprastruktura, komunikasyon, *intellectual propery rights* o ang karapatan sa orihinal na paglalathala o imbensyon.

Sentro sa Pagpapaunlad ng Pangingisda sa Timog-Silangang Asya (SEAFDEC-Southeast Asian Fisheries Development Center)

Nasa karagatan ng Asya ang mayaman at maraming uri ng isda at iba pang buhay sa dagat. Bukod sa mga taniman at kagubatan, nasa karagatan ang mga pagkaing ikabubuhay ng maraming Asyano. Ngunit sa halip na ito ay maging tulong sa suliranin ng kakulungan, inabuso ng tao ang pangingisda sa pamamagitan ng paggamit ng mga di-wastong pamamaraan. Pinalubha pa nito ng polusyon na nagparumi sa mga ilog at dagat na naging dahilan ng pagkawala ng mga isda. Nalagay sa panganib ang gawain ng pangingisda at lumubha ang suliranin ng kakulungan sa pagkain.

Ang naging tugon sa pandaigdig na suliraninng ito ay ang pagtatag ng *Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC).*

## Ang SEAFDEC at ang Pagpapatakbo Nito

Natatag ang SEAFDEC pagkaraan ng pagpupulong ng mga ministro sa Komperensiya para sa Pagpapaunlad ng Timog-Silangang Asya. Pagkaraan ng ilang buwan, isang grupo ang nagpulong sa Singapore upang talakayin at ayusin ang mga bagay tungkol sa balangkas, pamamahala, kasapian, at pananalapi ng sentro. Kayat ang SEAFDEC ay pormal na itinatag noong Disyembre 28,1967 ng mga kinatawan ng pamahalaang Hapon, Singapore, at Thailand. Nang sumunod na buwan ng Enero 1968 sumali naman ang Pilipinas, Malaysia, at Vietnam.

Noong Marso 18-20, 1968, napagkasunduang itatag ang Kagawaran sa Pagsasanay ng SEAFDEC sa Samut, Prakan Thailand at ang Kagawaran ng Pananaliksik sa Changi Point, Singapore. Sa pagpupulong ding ito humirang ng pangkalahatang kalihim, mga pinuno, at pangalawang pinuno ng mga nilikhang kagawaran. Nagsagawa rin ng programa ng pamamahal para sa mga dalawang kagawarang nilikha.

. Idinaos ang Pangatlong Komperensiyang Ministeryal sa Singapore noong Abril 9-11, 1968. Napagkaisahan dito ang paglalagay ng Kagawaran ng Akwakultura na mamamahala sa *freshwater* at *brakish water fish culture.* Ang kagawarang ito ay itinayo sa Pilipinas.

Sa loob ng marami na rin namang taon, napaunlad ng SEAFDEC ang pangingisda sa Timog-Silangang Asya. Nagkakaloob ito ng mga pagsasanay sa libu-libong mga tao mula sa mga publiko at pribadong sektor ukol sa pangisdaan. Nangangasiwa ito sa mga pananaliksik sa makabagong teknolohiya sa pangingisda upang mapabuti ang ani ng isda. Ang maunlad na teknolohiya ng *aqua culture* ay nagagamit sa pagpaparami ng produkto ng isda.

Sa ngayon, lumalago ang samahang ito. Bukas ang pagsapi sa samahan sa iba pang mga bansa sa Asya.

**Southeast Asian Ministers of Education Organization (SEAMEO)**

Sa isang pagpupulong ng mga Ministro ng Edukasyon na itinaguyod ng *United Nations Economic, Social,and Cultural Organization* (UNESCO) noong 1965, maraming bansa sa Timog-Silangang Asya ang nagkasundong magkaroon ng pagkakaisa sa rehiyon sa pamamagitan ng edukasyon, agham, at kultura. Hinikayat ng ministro ng Thailand na ang samahan bubuuin ay para sa pagtataguyod ng mga karanasan, kagalingan at teknolohiya ng mga bansa sa Asya. Bumalangkas sila ng isang panukala para sa kanilang kapakanan at kasaganaan sa Timog-Silangang Asya.

Bunga nito, naitatag ang *Southeast Asian Ministers of Education Organization* (SEAMEO) noong Nobyembre 30, 1965. Binubuo ito ng mga bansang Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand, Cambodia, Laos, at Vietnam. Ang samahang ito ay mayroon ding tatlong kaanib na mga bansa na hindi nabibilang sa Asya. Ang mga bansang ito ay ang Australia, Pransya,at New Zealand. Ang pinakamataas na lupong tagagawa ng panukala ng SEAMEO ang siyang namumuno sa samahan.

Ito ang samahan na nagpapakita ng tulungan ng mga bansa sapagkat ang bawat kasapi ay nagbibigay ng kontribusyong pananalapi at teknolohikal upang maisulong ang edukasyon, agham at kultura ng mga bansang kasapi. Nasa Bangkok, Thailand ang sentro ng pamamahala ng SEAMEO.

Ang pinakamataas na lupong tagagawa ng mga panukala ng SEAMEO ay ang konsepto ng mga Ministro ng Edukasyon sa Timog-Silangang Asya o ang tinatawag na SEAMEC. Ang bumubuo ng konsehong ito ay ang mga ministro ng edukasyon ng bansang kaanib. Ang tagapagpaganap ng konseho ay ang Sekrataryat ng mga Ministro ng Edukasyon sa Timog-Silangang Asya o ang SEAMES. Sa pamamagitan ng mga sentrong panrehiyon, ang mga proyekto o gawain ay naisasakatuparan.

Ang Sekretaryat ay pinangungunahan ng isang director na siya ring pinakapunong administrador. Kasama niya rito ang mga bihasang katulong mula sa bansang kaanib.

Ang SEAMEO ay may pitong panrehiyong sentro. Kung muling tutunghayan ang tsart, ito ay ang mga sumusunod:

1. Panrehiyong Sentro para sa Biolohiyang Pantropiko o *Regional Center for Tropical Biology* (BIOTROP) na nasa Bogor, Indonesya;
2. Panrehiyong Sentro para sa Inobasyon at Teknolohiyang Pang-Edukasyon o *Regional Center for Educational Innovation and Technology* (INNOTECH) na nasa Quezon City;
3. Panrehiyong Sentro para sa Wikang Ingles o *Regional English Language Center* (RELC) sa Singapore;
4. Panrehiyong Sentro para sa Edukasyon sa Agham at Matematika o *Regional Center foe Science and Mathematics* (RECSAM) na nasa Penang, Malaysia;
5. Panrehiyong Sentro para sa Mataas na Pag-aaral at Pananaliksik sa Aagrikultura o *Regional Center for Graduate Study and Researchy in Agriculture* (SEARCA) na nasa Los Baños, Laguna;
6. Panrehiyong Proyekto para sa Gamot Pantropiko at pampublikong Kalusugan o *Regional Project for Tropical Medicine and Public Health* (TROPMED) na nasa Bangkok, Thailand; at
7. Panrehiyong Sentro para sa Arkeolohiya at Sining Pangkalinangan o *Regional Center for Archeology and Fine Arts* (SPAFA) na nasa Bangkok, Thailand.

Bawat panrehiyong sentro ay pinangungunahan ng isang director. Siya ang may katungkulan magsagawa sng mga proyektong ayon sa panukalang pangkaunlaran na pinagtibay ng konseho ng samahan.

Ang mga sentro ng SEAMEO ay may malaking kontribusyon sa pagpapaunlad ng kaalaman sa ibat-ibang larangan at ang mga kaalamang ito ay nagamit sa rehiyon ng Asya.

**Ang INNOTECH**

Nakahimpil sa Pilipinas ang tanggapan ng *INNOTECH.* Pangunahing layunin nito ang alamin at tumulong sa mga kaanib ng organisasyon sa paglutas ng mgasuliraning pang-edukasyon sa rehiyon. Ito'y sa pamamagitan ng panghihikayat sa pagbabago, pagpapaunlad sa mga panlunan sa mga modelo, at pananaliksik sa wastong paggamit ng mga teknolohiyang pangkarunungan. Sa pagharap sa mga suliraning ito, ang INNOTECH ay nangangasiwa ng mga pang-edukasyong pananaliksik at pagpapaunlad ng mga bansa sa Asya. Maraming lider ng edukasyon ang nasanay ng sentrong ito maging ang pagpapaunlad ng kaalaman sa edukasyon. Isinusulong ng INNOTECH ang pagtaas ng kalidad ng edukasyon at ang pagpapalawak ng edukasyon sa lahat ng mga bata sa Asya.

**Regional Center for Education in Science and Mathematics (RECSAM)**

Ang *Regional Center for Education in Science and Mathematics* (RECSAM). Itinatag ito para sa pagpapaunlad ng dalawang mahahalagang asignatura- ang agham at matematika. Dinadaluhan ang mga pagpupulong nito ng mga ministro ng edukasyon at mga kinatawan mula sa loob at labas ng rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Ang mga nagsanay sa sentrong ito ay nanguna sa pagpapataas ng kalidad ng agham at matematika sa rehiyon.

Pangunahing gawain ng RECSAM ang pag-aaral at paglinang sa agham at matematika. Isa lamang sa mga gawain ng sentrong ito ang pagdaraos ng mga workshop at mga komperensiya. Ang iba pang gawain nito ay ang mga sumusunod:

(1) Paghahanda at pagsubok sa mga kagamitan sa pagtuturo at pag-aaral upang tumugma o makatulad sa pagkakasunod-sunod ang mga konseptong asignatura sa antas ng kaisipan ng mga bata;
(2) Pagpapakilala ng mga teorya ukol sa pangkaisipang kalinangan sa pamamagitan ng pagtuturo sa paggamit ng mga ito sa mga programang pang-edukasyon.

(3) Paghihikayat sa mga guro na magkaroon ng makabagong kaalaman sa kanilang propesyon; at

(4) Iangkop ng mga guro at pangasiwaan sa mga programa sa kaunlaran ang pagtuturong tutugma sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

**Southeast Asia Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA)**

Nagsimulang gumawa ng mga proyekto ang SEARCA noong Hulyo 1, 1969. Ito ang pangunahing institusyon sa rehiyon na pinagkakatiwalaan sa pagpapalaganap ng kaunlaran sa pagsasaka.

Ang mga sumusunod ay layunin ng SEARCA

(1) Pagbibigay ng mataas na uri ng pagtuturo sa pagsasanay sa pumuno sa kaunlaran ng pagsasaka

(2) Pagpapalaganap ng pananaliksik ukol sa suliranin sa pagsasaka sa Timog-Silangang Asya;

(3) Pagpapayo sa mga sumasangguni; at

(4) Pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa pagsasaka sa buong rehiyon.

Kalahok sa mga proyekto at programa ng SEARCA ang mga kaanib na bansa ng SEAMEO sa rehiyon; Thailand, Malaysia, Indonesia, Pilipinas, Cambodia, Laos, Singapore, at Vietnam.


**Ang Unyong Pangkoreo ng Asya at Pasipiko (Asian Pacific Postal Union o APPU)**

Itinatag ang unyong ito para sa panrehiyong pakikipatalastasan. Nais ng unyon na pag-ibayuhin ang ugnayang pangkoreo ng mga bansang kaanib nito.

Kabilang sa mga kaanib ng Appu ang Australia, Bangladesh, Bhutan, Tsina, India, Indonesia, Hapon, Timog Korea, Malaysia, Maldives, Nauru, Nepal, New Zealand, Pakistan, Papia New Guinea, Pilipinas, Singapore, Sri Lanka, at Thailand.

Ilan sa mga gawain ng APPU ay ang mga sumusunod;

(1) Pagkakaloob ng mga kagamitan sa sentro ng pagsasanay ng APPU upang mapaunlad ang paglilingkod pangkoreo sa loob ng Asya at Pasipiko;
(2) Pagpapalitan ng mga opsyal na mangangasiwa sa mga pag-aaral tungkol sa pagpapaunlad ng mga serbisyong pangkoreo;at
(3) Pagbibigay ng lahat ng kailangang kagamitan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Punan ang tsart.

| Mga Samahan | Pangunahing Layunin |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

2. Isulat ang mga nagawa ng mga sumusunod na samahan sa Timog Sialngang Asya

**a.** ASEAN____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**b.** AFTA____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**c.** APEC____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**d.** SEAMEO____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**e.** APPU____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**f.** SEAFDEC____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

3. Sagutan ang mga tanong:

a. Alin sa mga samahan ang pinakamatagumpay? Bakit?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

b. Bakit mahalaga ang mga samahan sa Timog-Silangang Asya?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



**Tandaan Mo!**

Ang mga samahan sa Timog-Silangang Asya ay: ASEAN-Association of South East Asian Nations, AFTA-ASEAN Free Trade Area, APEC-Asia Pacific Cooperation, SEAFDEC-Southeast Asian Fisheries Development Center, SEAMEO-Southeast Asian Ministers of Education Organization at ARF-ASEAN Regional Forum.

- Ang ASEAN ay samahan ng mga bansa sa Timog silangang Asya na nagkaisa upang magkaroon ng kooperasyon sa larangan ng kabuhayan, kultura, lipunan, teknikal na gawain, agham at kapayapaan sa rehiyon.
- Ang APEC ay nabuo upang pangalagaan ang kalakalan sa mga ekonomiya ng: Australya, Brunei, Canada, Chile, China, Hong Kong, Indonesia, Japan, Malaysia, Mexico, New Zealand, Papua New Guinea, Pilipinas, Singapore, South Korea, Taiwan, Thailand, at Estados Unidos.
- Ang ARF ay itinatag upang pangalagaan ang kapayapaan at seguridad ng mga bansang kasapi sa ASEAN.
- Ang SEAFDEC ang siyang nangangalaga ng pangisdaan sa Timog-Silangang Asya.
- Ang APPU ay nakatuon sa pampatakaran ng Koreo
- Ang SEAMEO ay nagtataguyod ng edukasyon, kultura at agham ng Timog-Silangang Asya.
- Ang pangrehiyong sentro ng SEAMEO ay ang: *Regional Center for Tropical Biology* (BIOTROP), *Regional Center for Educational Innovation and Technology* (INNOTECH), *Regional English Language Center* (RELC), *Regional Center foe Science and Mathematics* (RECSAM), *Regional Center for Graduate Study and Researchy in Agriculture* (SEARCA), *Regional Project for Tropical Medicine and Public Health* (TROPMED) at *Regional Center for Archeology and Fine Arts* (SPAFA).
- Ang AFTA ay nabuo upang mabigyang proteksyon ang kalakalan sa rehiyon.



**Gawain 3: Paglalapat**


**a.** Maghanap ng mga *news article* na nagpapakita ng mga gawain ng mga samahan sa Timog-Silangang Asya. Idikit dito ang *news article.*

**b.** Sumulat ng mga sitwasyon na nagpapakita na mahalaga ang pagtutulungan sa isang samahan.

## ARALIN 2
## PAGTUTULUNGAN SA KANLURANG ASYA



Ang mga bansa sa kanlurang Asya na tradisyonal na tinawag na Gitnang Silangan ay mayayaman sa produkto ng langis. Ang mga bansa dito ay naging mahalaga lalo na sa mga bansang maunlad na nakadepende sa langis. Dahil dito, nangailangan ng pagbubuklod ang mga bansang ito upang mapatatag ang kalakalan sa langin. Dito isinilang ang OPEC – Organization of Petroleum Exporting Countries.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga layunin at nagawa ng OPEC;
2. Matutukoy ang epekto ng OPEC sa pamilihang pandaigdig; at
3. Mailalahad ang naging pakinabang ng Pilipinas sa OPEC.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

I. Tukuyin ang mga bansang orihinal na kasapi ng OPEC.

1. Ir__
2. I_q
3. K____t
4. S____A____
5. V______a

II. Sagutin ang mga tanong:

1. Kailan naitatag ang OPEC?
2. Bakit kailangan ng mga bansang nagluluwas ng petrolyo na magtatag ng samahan?

**Ang Samahan ng mga Bansang Nagluluwas ng Langis (Organization of Petroleum Exporting Countries o OPEC)**

Ang Samahan ng mga Bansang Nagluluwas ng Langis (o Organization of the Petroleum Exporting Countries -OPEC) ay isang permanenteng samahan ng mga pamahalaan na nabuo sa Kumperensyan ng Baghdad noong Ika- 10–14 ng Setyembre, 1960, ng mga bansang Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia at Venezuela. Sa simula, karasmihan ng mga bansang kasapi ay nasa Kanlaurang Asya at ang isa ay sa Timog Amerika. Nang lumaon, galling na ito sa Aprika at Latin Amerika. Ang limang pangunahing kasapi ay nadagdagan ng 8 pang kasapi: Qatar (1961); Indonesia (1962); Socialist Peoples Libyan Arab Jamahiriya (1962); United Arab Emirates (1967); Algeria (1969); Nigeria (1971); Ecuador (1973–1992) and Gabon (1975–1994). Nasa Geneva, Switzerland ang opisina ng OPEC noong unang limang taon at inilipat ito sa Vienna, Austria noong Setyembre 1, 1965.

Ang pangunahing layunin ng OPEC ay mag-ugnayan at magkaroon ng parehong patakaran sa kalakalan ng petrolyo ang mga kasaping bansa upang magkaroon ng makatarungan at matatag na presyo sa pamilihan. Layunin din nito na magkaroon ng

mabilis at regular na suplay sa mga bansang kumukonsumo ng langis at magkaroon din ng makatarungang tubo ang mga bansang nagpoprodyus ng langis.




Ika-107 kumperensya ng OPEC sa Vienna, March 23, 1999

Ang dekada 60 ay simula ng OPEC at naging popular na organisasyon ito noong dekada 70 at 80 dahil sa taas ng pangangailangan ng langis ng mga bansa sa mundo. Marami na ring napagdaanang pagsubok ang samahang ito noong kalagitnaan ng dekada 80 at noong dekada 90. Nariyan ang pagbababa ng pangangailangan ng mga bansa dahil sa suliraning pangkapaligiran na dulot ng langis at ang mga digmaan sa ilang kasapi ng samahan. Ang dekada 2000 a nagpapambulog naman ng pangangailangan sa langis ng mga bansa sa daigdig.

**Ang Pondo ng OPEC para sa Pandaigdig na Kaunlaran**

Naitatag ang OPEC Fund for International Development nang nilagdaan ang kasunduan ng lahat ng kaanib na samahan noong Enero 28, 1976 sa Paris, Pransya. Ito ay isang ahensiya na tumutulong sa mga kaanib at sa umuunlad na mga bansa. Ang pinagkukunan ng pondo nito ay mula rin sa mga bansang kaanib ng samahan at mula rin sa kinita ng samahan. Ang panimulang pondo na nagkakahalaga ng $800 milyon ay unti-unting lumago. Sa kasalukuyan, may naipon na itong $3435 milyong dolyar. Isa sa

mga nakikinabang sa samahan at tinutulungan ng samahan ay ang *International Fund for Agricultural Development,* isang natatanging ahensiya ng Nagkakaisang Bansa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Isulat ang mga bansang kasapi ng OPEC batay sa kanilang kontinente:
    a. Asya
    b. Aprika
    c. Latin Amerika

2. a. Gaano kahalaga ang papel na ginampanan ng mga bansa sa Kanlurang Asya sa pagpapatatag ng OPEC?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

b. Gaano kahalaga ang OPEC sa mga bansang kasapi nito?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Gaano kahalaga ang OPEC sa mga bansang di kasapi?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang OPEC ay itinatag noong Setyembre, 1960, ng mga bansang Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia at Venezuela.
- Karamihan sa mga kasalukuyang kasapi ay nasa Kanlurang Asya.
- Ang pangunahing layunin ng OPEC ay mag-ugnayan at magkaroon ng parehong patakaran sa kalakalan ng petrolyo ang mga kasaping bansa upang magkaroon ng makatarungan at matatag na presyo sa pamilihan.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Gumupit o gumuhit ng *caricature* na nagpapakita ng kahalagahan ng OPEC sa mga bansa.
2. Ano ang pangunahing katangian ng samahang OPEC?

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________

3. Isulat ang samahan kung saan ka kasapi

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________

4. Paano mo mapapatag ang isang samahan na kung saan ka kasapi?

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

**ARALIN 3**

**PAGTUTULUNGAN SA TIMOG ASYA**



Malalim ang piangmulan ng sibilisasyon sa Timog Asya. Subalit sa matagal a panahon- sila ay nagkawatak-watak at noobng dekada 80 lamang sila muling nag-usap-usap. Malalim din ang simulain ng kanilang pag-uusap at tila mahihirapan na silang paghiwalayin pa. Ang kanilang pag-sasama ay nakatuon sa mga usaping pangkabuhayan at panlipunan. Tunghayan natin ang kanilang karanasan sa pagbubuo ng isang samahan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang pinagmulan, layunin at nagawa ng SAARC;
2. Mahihinuha ang maaaring epekto ng SAARC sa mga kasaping bansa; at
3. Makabubuo ng sariling bisyon sa samahang kinabibilangan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Bilugan ang mqa kasapi sa SAARC

| | |
|---|---|
| Afghanistan | Nepal |
| Bangladesh | Pakistan |
| Bhutan | Sri Lanka |
| India | Tibet |
| Maldives | |

2. Anu-ano ang mga suliranin sa Timog Asya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Anong uri ng samahan ang magbubuklod sa mga bansa sa Timog Asya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Ang SAARC o ang *South Asia Regional Cooperation***

Ang Pangrehiyong Kooperasyon sa Timog Asya (South Asian Association for Regional Cooperation - SAARC) ay naitatag noong Ika-8 ng Disyembre, 1985 ng mga pinuno ng mga bansang Bangladesh, Bhutan, India, Maldives, Nepal, Pakistan and Sri Lanka.

Ang SAARC ay nagdudulot ng pagkakataon sa mga tao ng Timog Asya na gumawa at mag-usap sa pamamagitan ng pagkakaibigan, pagkakaunawa at pagtitiwala sa isat-isa. Layunin nitong mapabilis ang proseso ng pangkabuhayan at panlipunang pag-unlad ng bawat kasapi.

Ang ideya ng pangrehiyong kooperasyon ay nagsimula nong Mayo, 1980. Ang mga kalihim panlabas ng mga bansa ay nagpulong sa kauna-unahang pagkakataon sa Colombo noong Abril, 1981. Ang pagpupulong ay nagsimulang mag-usap ukol sa mga larangan ng kooperasyon.

Ang mga sumusunod ay nabuong layunin ng SAARC:

1. Isulong ang kapakanan ng mga taga-Timog Asya at maisaayos ang kalidad ng kanilang pamumuhay;
2. Palaguin ang kabuhayan, panlipunan at pangkulturang pag-unlad ng mga tao sa rehiyon at bigyan ng pagkakataon ang mga tao na mabuhay nang may dignidad at magamit ang kanilang mga potensyal bilang tao;
3. Isulong at patatagin ang kolektibong pagpapaunlad ng sarili ng mga bansa sa Timog Asya;
4. Makatulong sa pagtatag ng pagtitiwala, pag-unawa at pagpupuri ng suliranin ng bawat isa;
5. Pagsusulong ng pagtutulunang sa pangkabuhayan, panlipunan, pangkultural, teknikal at scientipikong Gawain;
6. Pagtibayin ang koperasyon sa mga papaunlad na bansa;
7. Pagtibayin ang koopersyon sa mga pandaigdigang pag-uusap sa mga bagay na may pangkalahatang interes; at
8. Makipagtulungan sa mga pandaigdigan at rehiyonal na samahan na may kaparehong layunin at interes.

Nabuo sa pagpupulong sa New Delhi noong 1983 ng mga ministrong panlabas ang 9 na larangan ng kooperasyon at aksyon:Agrikultura, Pag-unald ng pook rural. Telekomunikasyon, Meteorolohiya, Kalusugan at Populasyon, Transportasyon; Postal, Agham at teknolohiya, Isports, Sining at kultura.

Bilang katuparan ng mga layunin ng SAARC, ideneklara ang mga taon para sa kanilang programa tulad ng :

| | |
|---|---|
| 1989 | SAARC Taon ng Pagpuksa Laban sa pang-aabuso sa Droga at ang kalakalan ng Droga |
| 1990 | SAARC Taon ng Batang Babae |

| | |
|---|---|
| 1991 | SAARC Taon ng Pabahay |
| 1992 | SAARC Taon ng Kapaligiran |
| 1993 | SAARC Taon ng mga Taong mga Kapansanan |
| 1994 | SAARC Taon ng Kabataan |
| 1995 | SAARC Taon ng Pagpuksa ng Kahirapan |
| 1996 | SAARC Taon ng Literasi |
| 1997 | SAARC Taon ng partisipasyon sa Pamamahala |
| 1999 | SAARC Taon ng Biodiversity |
| 2002-2003 | SAARC Taon ng Kontibusyon ng Kabataan sa Kapaligiran |
| 2004 | SAARC Taon ng Kamulatan sa TB at HIV/AIDS |
| 2005 | Taon ng Turismo sa Timog Asya |
| **Dekada ng SAARC** | |
| 1991-2000 | SAARC Dekada ng Batang Babae |
| 2001-2010 | SAARC Dekada ng Karapatan ng Bata |


Pinagkunan: www.saarc.sec.org

Nagkaroon naman ng tatlong kasunduan noong ika-12 pagpupulong, 2003. Ito ay ang mga sumusunod:

1) Panlipunang Tsarter ng SAARC
2) Batayan ng Kasunduan para sa *South Asia Free Trade Area*
3) Mga dapat gawin upang malabanan ang terorismo sa rehiyon

Pinagtibay din ng mga pinuno ng bansa ng ulat ng Independent Commission for Poverty Alleviation in South Asia (ISACPA) upang sundin ang mga rekomendasyon nito upang tuluyang malutas ang kahirapan sa rehiyon.

Sa Deklarasyon sa Dhaka noong Ika-13 ng Nobyembre, 2005 napagkasunduan na pormal na itatag ang SAFTA sa unang araw ng Enero, 2006. Nagbigay ng direktiba ang mga ministro ng mga bansang kasapi na ayusin na ang mga isyu sa kasunduan maging ang mga proseso ng mga bansa sa pagsapi. Inaasahan sa SAFTA lahat ng kalakalang pangrehiyon ay maisasaayos at mapapaunlad.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Gumuhit ng mga simbolo na nagpapakita ng layunin ng SAARC.

2. Gaano katatag ang SAARC?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Gaano kahalaga ang papel na ginampanan ng mga bansa sa Timog Asya sa pagpapatatag ng SAARC?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang Pangrehiyong Kooperasyon sa Timog Asya (South Asian Association for Regional Cooperation - SAARC) ay naitatag noong Ika-8 ng Disyembre, 1985 ng mga pinuno ng mga bansang Bangladesh, Bhutan, India, Maldives, Nepal, Pakistan and Sri Lanka.
- Naitatag ang SAARC noong May, 1980.
- Layunin ng SAARC na magtulungan ang mga bansa para sa edukasyon, kabuhayan, panlipunan, teknikal at pang-agham na mga gawain.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Gumupit o gumuhit ng *caricature* na nagpapakita ng kahalagahan ng SAARC.

2. Ano ang pangunahing katangian ng samahang SAARC?

3. Paano mo maitataguyod ang nabanggit na katangian sa iyong sariling samahang kinabibilangan.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang mga samahan sa Timog-Silangang Asya ay: ASEAN-Association of South East Asian Nations, AFTA-ASEAN Free Trade Area, APEC-Asia Pacific Cooperation, SEAFDEC-Southeast Asian Fisheries Development Center, SEAMEO-Southeast Asian Ministers of Education Organization at ARF-ASEAN Regional Forum.
- Ang ASEAN ay samahan ng mga bansa sa Timog silangang Asya na nagkaisa upang magkaroon ng kooperasyon sa larangan ng kabuhayan, kultura, lipunan, teknikal na gawain, agham at kapayapaan sa rehiyon.
- Ang APEC ay nabuo upang pangalagaan ang kalakalan sa mga ekonomiya ng: Australya, Brunei, Canada, Chile, China, Hong Kong, Indonesia, Japan, Malaysia, Mexico, New Zealand, Papua New Guinea, Pilipinas, Singapore, South Korea, Taiwan, Thailand, at Estados Unidos.
- Ang ARF ay itinatag upang pangalagaan ang kapayapaan at seguridad ng mga bansang kasapi sa ASEAN.
- Ang SEAFDEC ang siyang nangangalaga ng pangisdaan sa Timog-Silangang Asya.
- Ang APPU ay nakatuon sa pampatakaran ng Koreo
- Ang SEAMEO ay nagtataguyod ng edukasyon, kultura at agham ng Timog-Silangang Asya.
- Ang pangrehiyong sentro ng SEAMEO ay ang: *Regional Center for Tropical Biology* (BIOTROP), *Regional Center for Educational Innovation and Technology* (INNOTECH), *Regional English Language Center* (RELC), *Regional Center foe Science and Mathematics* (RECSAM), *Regional Center for Graduate Study and Researchy in Agriculture* (SEARCA), *Regional Project for Tropical Medicine and*

*Public Health* (TROPMED) at *Regional Center for Archeology and Fine Arts* (SPAFA).

- Ang AFTA ay nabuo upang mabigyang proteksyon ang kalakalan sa rehiyon.
- Ang OPEC ay itinatag noong Setyembre, 1960, ng mga bansang Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia at Venezuela.
- Karamihan sa mga kasalukuyang kasapi ay nasa Kanlurang Asya.
- Ang pangunahing layunin ng OPEC ay mag-ugnayan at magkaroon ng parehong patakaran sa kalakalan ng petrolyo ang mga kasaping bansa upang magkaroon ng makatarungan at matatag na presyo sa pamilihan.
- Ang Pangrehiyong Kooperasyon sa Timog Asya (South Asian Association for Regional Cooperation - SAARC) ay naitatag noong Ika-8 ng Disyembre, 1985 ng mga pinuno ng mga bansang Bangladesh, Bhutan, India, Maldives, Nepal, Pakistan and Sri Lanka.
- Naitatag ang SAARC noong May, 1980.
- Layunin ng SAARC na magtulungan ang mga bansa para sa edukasyon, kabuhayan, panlipunan, teknikal at pang-agham na mga gawain.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Bilugan ang titik ng hindi kasali sa grupo. Isulat ang katwiran kung bakit ang mga bagay ay magkakagrupo.

1. a. Bhutan b. Nepal c. Pakistan d. Tibet
Katwiran:
2. a. Iran b. Iraq c. Kuwait d. United Arab Emirates
Katwiran:
3. a. Pilipinas b. Laos c. Australya d. Cambodia
Katwiran:
4. a. ASEAN b. EU c. OPEC d. SAARC
Katwiran:
5. a. AFTA b. ARF c. OPEC d. SAFTA
Katwiran:

II. Isulat ang titik ng tamang sagot.

_____1. Ang layunin ng OPEC. APEC, AFTA at SAFTA ay
- a. pagkakaisa
- b. pagkakakilanlan
- c. pagsasarili
- d. pagtutulungan

_____2. Ang pagtutulungan ng mga bansa na kasapi ng ARF ay
- b. nakapagpapaunlad ng bawat kasapi nito
- c. Napagdudulot ng kapayapaan sa rehiyon
- d. Nakapagpapalawak ng teritoryo ng mga bansa
- e. Nakalulutas ng suliraning pangkabuhayan ng bawat isa

______3. Ang resulta ng pagsasanib ng mga bansa sa APEC ay

a. Malayang kalakalan
b. pagkakaroon ng patakaran sa kalakalan
c. pagsasanib ng mga makapangyarihang bansa.
d. Mapaunlad ang mga bansa

______4. Ang samahan sa rehiyon ng Asya ay patungkol sa mga sumusunod maliban sa

a. Seguridad
b. Kalakalan
c. Kalayaan
d. Panlipunan

______5. Karamihan sa mga samahan sa rehiyon ay nabuo dahil sa

a. kabuhayan
b. pulitika
c. sining
d. seguridad

______6. Ang pinakamatagumpay na samahan sa rehiyong Asya ay ang samahang ukol sa

a. kabuhayan at pulitikal
b. kabuhayan at panlipunan
c. pampulitikal at seguridad
d. pangrelihiyon at kabuhayan

______7. Ang pagsasama-sama ng mga bansa sa rehiyon ay dulot ng

a. kahirapan
b. digmaan
c. relihiyon
d. kapayapaan

______8. Ang APEC at OPEC ay proteksyon sa bawat rehiyon sa larangan ng

a. kabuhayan
b. kapayapaan
c. kultura
d. pulitika

______9. Magiging matibay ang samahan kung ang mga bawat kasapi ay

a. nakapag-aral at matalino
b. matiyaga sa pakikipag-usap
c. may bukas na pananaw at tiwala
d. masipag at mahusay magbuo ng programa

______10. Madaling mabuwag ang samahan kung ang kasapi ay walang

a. delicadeza
b. kapayapaan
c. tiwala
d. tiyaga



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | |
|---|---|---|
| 1. D | 6. D | 11. B |
| 2. B | 7. B | 12. A o B |
| 3. C | 8. A | 13. A |
| 4. B | 9. A | 14. C |
| 5. C | 10. A | 15. C |

**ARALIN 1: MGA PAGTUTULUNGAN SA TIMOG-SILANGANG ASYA AT IBA PANG MGA BANSA**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

1. a. May pagtitiwala
   b. bukas na isipan
   c. may malasakit ang bawat isa
   d. nag-uusap
   e. may katapatan
2. Ang sagot ay depende sa sitwasyong ibibigay ng mag-aaral.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1-2 Tingnan ang mga layunin at gawain sa teksto.

3. a. OPEC AT ASEAN, sapagkat sila ay nag-uusap upang magkaunawaan.
   b. Upang magtulungang makalutas ng mga suliranin.

**GAWAIN 3: Paglalapat**

a. Nasa diyaryo ang sagot.
b. Ang sitwasyon ay tungkol sa pagtutulungan.

**ARALIN 2: PAGTUTULUNGAN SA TIMOG ASYA**

**GAWAIN 1: Pag-Isipan Mo!**

1. a.Iran
   b. Iraq
   c. Kuwait
   e. Saudi Arabia
   f. Venezuela

2. a. Ika-10-14 ng Setyembre, 1960
   b. Upang maging matatag at makatarungan ang presyo at pangangalakal ng petrolyo.

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Isulat ang mga bansang kasapi ng OPEC batay sa kanilang kontinente:
   i. Asya: Iran, Iraq, Kuwait, Saudi Arabia, Qatar, Indonesia, United Arab Emirates,
   ii. Aprika: Socialist Peoples Libyan Arab Jamahiriya, Algeria, Nigeria, Gabon
   iii. Latin Amerika: Venezuela, Ecuador
2. Gaano kahalaga ang papel na ginampanan ng mga bansa sa Kanlurang Asya sa pagpapatatag ng OPEC?

   Naging patas at makatarungan at patas ang pagbibigay presyo ng petrolyo.
3. Gaano kahalaga ang OPEC sa mga bansang kasapi nito?

   Ang mga bansa ay nagkaisa at nagtulungan upang mapaayos ang kalakalan ng langis.
4. Gaano kahalaga ang OPEC sa mga bansang di kasapi?

   Nagkaroon ng direktang pagbili ng petrolyo ang mga maliliit na bansa na dati ay hawak ng mga makapangyarihang bansa.

**GAWAIN 3: Paglalapat**

1. Gumupit o gumuhit ng caricature na nagpapakita ng kahalagahan ng OPEC mga bansa.

Depende sa iginuhit ng mag-aaral.

2. Ano ang pangunahing katangian ng samahang OPEC?

   Ang mga bansa ay nagkakaisa at nagtutulungan. Ipinapakita din nila ang katapatan sa bawat isa.

1. Isulat ang samahan kung saan ka kasapi.

   Depende sa sagot ng mga-aaral.

2. Paano mo mapapatag ang isang samahan na kung saan ka kasapi?

   Depende sa Sagot ng mag-aaral

**ARALIN 3: PAGTUTULUNGAN SA KANLURANG ASYA**

**GAWAIN 1: Pag-Isipan Mo!**

1. Bilugan ang mqa kasapi sa SAARC

   Bangladesh, Bhutan, India, Maldives, Nepal, Pakistan, Sri Lanka, Tibet

2. Anu-ano ang mga suliranin sa Timog Asya?

a. Isyu ng hangganan

b. Di pantay ng kapangyarihan ng mga bansa

c. pagkakaiba-iba ng paniniwala

3. Anong uri ng samahan ang magbubuklod sa mga bansa sa Timog Asya?

Mga samahang:

a. May pagkakaisa sa layunin
b. May tiwala sa isat-isa
c. May aksyon
d. May pagtitiwala sa bawat isa

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Gumuhit ng mga simbolo na nagpapakita ng layunin ng SAARC.
Depende sa iginuhit ng mga mag-aaral.
2. Gaano katatag ang SARC?
a. Hindi siya madaling buwagin
b. Nagkakaisa at nag-uusap ang mga pinuno ng bansa
c.may kontribusyon ang bawat bansa

3. Gaano kahalaga ang papel na ginampanan ng mga bansa sa Timog Asya sa pagpapatatag ng SARC?
Ang mga kasaping bansa ay nagsikap upang maalis ang kanilang pag-aaway at tuluyang malutas ang mga suliranin.

**GAWAIN 3: Paglalapat**
1. Gumupit o gumuhit ng caricature na nagpapakita ng kahalagahan ng SAARC.
Depende sa mag-aartal ang kasagutan.
2. Ano ang pangunahing katangian ng samahang SAARC?
a. Lahat sila ay kumikilos upang matugunan ang mga pangangailangan sa rehiyon
b. Sila mulat sa kahirapan ng kanilang bansa at dapat itong lutasin
c. Hindi pikon ang mga kasapi.
d. Bukas ang isipan.
e. lahat ay nais umangat sa buhay
3. Paano mo maitataguyod ang nabanggit na katangian sa iyong sariling samahang kinabibilangan? Ayon sa mag-aaral ang sagot.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

I. Bilugan ang titik ng hindi kasali sa grupo. Isulat ang katwiran kung bakit ang mga bagay ay magkakagrupo.

1. d.

Katwiran: Lahat ay kasapi ng SAARC

2. D.

Katwiran: Orihina na kasapi ng OPEC

3. C

Katwiran: Lahat ay kasapi ng ASEAN

4. B.

Katwiran: Lahat ay mga samahan sa Asya

5. B.

Katwiran: Lahat ay samahang pangkabuhayan

II. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. d
2. b.
3. b.
4. c
5. a
6. b
7. a
8. a
9. c
10. c